# Manalig at Sumunod
# (Ang Pagsunod ay Ngayon)

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr. Arvin de Jesus
Mayo 13, 2023

Habang ipinagdiriwang natin ang ika-anim na Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay, ang mensahe sa ebanghelyo ay ang Pag-ibig kay Kristo. Mula sa pagpapahayag hanggang sa pag-akyat sa langit ni Hesus, mamamangha tayo; si Hesus ang ating tagapagligtas, tagapagtanggol at manunubos. Dahil para kay Hesus ang pag-ibig at pagsunod ay laging magkasama, "Kung iniibig ninyo ako, tutuparin ninyo ang aking mga utos"(Juan 14:15). Kaya, ang siguradong pundasyon ng ating buhay ay ang pagsunod sa mga utos ng Diyos, bilang ganti natin sa pagmamahal Niya sa atin.

**A. Naparito si Hesus upang ipadama ang Kanyang pagmamahal sa atin.**

1. Sa panahon ng huling hapunan, naganap ang pinakamagandang *love story* ni Hesus. Ang kahulugan ng EBANGHELYO: gayon na lang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sumampalataya sa Kanya ay hindi mapahamak at magkaroon ng BUHAY NA WALANG HANGGAN.
2. Sa panahon ng paghuhugas Niya ng paa, bago Siya nadakip, sinabi ni Hesus sa Kanyang mga alagad: "Mahalin ninyo ang bawat isa gaya ng pagmamahal ko sa inyo" (Juan 14:12-14).
3. Ang bawat isa sa atin ay may kakayahang magmahal. Mahal ng mga magulang ang kanilang mga anak; labis ang kanilang tuwa kung ang mga anak ay sa kanila sumusunod.

**B. (Bakit kailangang magdusa si Hesukristo?) Naging tao Siya at nagdusa dahil sa Kanyang matinding pagmamahal sa atin.**

1. Lahat ng ating nakikita ay nilikha ng Diyos. Ipinagkaloob Niya ang lahat sa atin. Ipinagkatiwala Niya ang kanyang anak sa tao, kina Maria at Jose.
2. Binigyan ng kalayaan sina Adan at Eba, ngunit sinuway nila ang Diyos. Pinatalsik sila sa kaharian ng Diyos. Kaya, dumating si Hesukristo upang muling mabuksan ang kaharian para sa atin.
3. Ang puso ng ina, ang "*fiat*" ni Maria (maganap nawa), ang nagbigay sa atin ng kaligtasan. Dahil sa tapang ni San Jose, tayo'y may Hesus.

**C. (Paano tayo mamuhay sa ating pananalig?) Kung mahal natin ang Diyos, at nananalig tayo sa Kanya, susundin natin Siya**.

1. Madaling ipahayag ang ating pananampalataya. Sundin natin si Hesus; sundin natin ang ating mga magulang; at magsimba tayo tuwing Linggo.
2. Kapag tayo ay naniniwala sa Kanya, susundin natin Siya. Bakit nagdadalawang isip pa tayo? Magtiwala tayo sa Kanya at sumunod.
3. Binigyan tayo ng kalayaang pumili; kaya nasasaktan Siya kapag tayo ay sumusuway. Kung nakikinig tayo, susunod tayo.
4. Kung alam nating mali at ginawa pa rin natin, ito ay pagsuway at kasalanan.
5. Huwag nating maliitin ang kapangyarihan ng Diyos. Kung tayo'y humihingi sa ating panalangin, huwag nating limitahan ang ating mga hiling. Walang imposible sa ating Diyos. Binibigay Niya ang lahat. Gagawa Siya ng mga paraan. Kaya, maniwala tayo sa kapangyarihan ni Hesus.
6. Kung tayo'y nanalangin, manalangin tayo hindi lamang sa dila at bibig; manalangin tayo kasama ang ating puso at isip. Maniwala tayo kay Hesus.

**Konklusyon:**

Ang layunin ng Diyos sa bawat isa sa atin ay ating kaligayahan at ating kaligtasan. Kung tayo'y naniniwala sa Kanya, huwag tayong matakot. Sumunod tayo tulad ni Inang Maria. Magbigay tayo ng papuri sa umaga; at saka magdasal tayo sa Diyos sa gabi. Kung malapit tayo kay Inang Maria, malapit din tayo kay Hesus. Totoo, hindi Niya tayo iiwan.

**Pagninilay:**

Matuto tayo kay San Agustin na humiling ng "Baguhin mo ako ngunit huwag ngayon."

1. Kung gusto mong magbago, bakit hindi pa ngayon? Huwag ng ipagpabukas.
2. Handa ka ba kung sakaling may mangyayaring di inaasahan? Ano ang palagay mong mangyayari sa iyo?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags:#Pag-ibig#Pagsunod#Panalangin